

まんがでわかる



Tagalog  
タガログ語

# 交通労働災害の防止

Alamin sa Pagbasa ng Komiks


Pag-iiwas sa Work-related Injury sa Trapiko



Nilikha ang audiovisual material na ito para sa lahat ng mga manggagawa upang turuan ang tungkol sa mga basikong konsepto ng kaligtasan at mga alituntunin para maiwasan ang work-related injury sa trapiko.




Kumusta!  
Pag-aralan natin ngayon ang tungkol sa pag-iiwas sa work-related injury sa trapiko!



Naiisip ko rin ang tungkol diyan dahil sumasakay din tayo sa sasakyan sa ating trabaho.

Oo nga!



Driver ako ng truck kaya halos araw-araw akong nagmamaneho.

Madalas akong gumagamit ng kotse o bisikleta para sa sales.



Maraming mga aksidenteng nangyayari sa mga sasakyang palagi ninyong ginagamit.

Ha?!


Tingnan natin kung anong klase ng industriya ang may maraming work-related injury sa trapiko



**Bilang ng kaso ng mga work-related injury sa trapiko**

1	Commerce	1672
2	Telecommunications	866
3	Ground freight transportation	792
4	Transportation	740
5	Health and sanitation	612
6	Construction	542

Ministry of Health, Labour and Welfare "Sitwasyon ng mga kaso ng work related injury (2020)"



Marami ring work-related injury sa trapiko hindi lamang sa mga klase ng industriya kung saan nagtatrabaho ang mga propesyonal na driver, ngunit pati na rin sa mga tertiary na industriya.

Siya nga.

Sa ano mang industriya, ang iisang katangian ng maraming work-related na injury sa trapiko ay ang aksidente sa trapiko habang naglalakad o nagbibisikleta papunta sa trabaho.



Lalo na sa bisikleta, maaari kang maging hindi lamang biktima kundi rin pasimuno ng aksidente.

Kasama rin ba sa work-related injury ang pagpunta sa trabaho?

Oo, itinuturing itong work-related injury... Atsaka marami ring kaso kung saan nagkaka-aksidente habang nagmamaneho ng sasakyan papunta sa kliyente o sa lugar ng trabaho.

Ano kayang pwedeng gawin para maiwasan ang work-related injury sa trapiko?

Siyempre, kailangang mag-ingat ang manggagawa, at importanteng sundin ang mga nakatakandang batas trapiko.

Hmm...  
Sa madaling salita, kailangan lang mag-ingat sa sasakyan 'di ba?  
Hmmm?

O-opooooo!!  
Kahit pa abala ito, importante ito upang hindi mo masaktan ang iyong sarili at ang ibang tao!

Gayundin, sa mga industriya kung saan gumagamit ng sasakyan habang nagtatrabaho tulad ng "ground freight transportation," "transportation" at "construction," nagkakaroon din ng aksidente sa lugar ng trabaho habang nagkakarga ng kargamento, dinidirekta ang trapiko, atbp.

Bukod pa sa pagdulot ng driver ng aksidente, sa paligid ng mga truck atbp, marami ring kaso kung saan nasasagasaan ang mga taong nagtatrabaho.

Kapag nasugatan ka at di na makapagtrabaho, mag-aalala ang iyong pamilya at magkakaproblema ka rin sa hanapbuhay...

Oo, kaya importanteng laging maging handa.

Lalo na sa mga malalaking sasakyan, malaki ang kanilang blind spot kung kaya kahit mayroong tao sa malapit, mahirap silang mapansin. Importante ring maintindihan ng mga taong nagtatrabaho sa paligid ang blind spot ng mga malalaking sasakyan.

Gayundin, kahit na nagmamadali, importanteng kumilos lamang pagkatapos kumalma at tiyakin ang kaligtasan.

Mayroon bang halimbawa ng mga aktuwal na kaso?

May isang kaso kung saan habang dumadaan ang tao sa likod ng nakahintong truck, bigla itong umatras at nabangga siya.

Hindi nakita ang manggagawa mula sa upuan ng driver kung kaya nagka-aksidente.

Nakakatakot...

Upang hindi mangyari ang ganoong work-related injury sa trapiko,

Una sa lahat, tingnan natin ang tungkol sa basikong kaalaman para sa pag-iwas sa aksidente!



Opo!

**Mga kailangang pag-ingatan habang papunta sa trabaho (naglalakad)**




Huwag tumawid sa lugar na walang tawiran.

Tiyakin ang iyong kanan at kaliwa bago tumawid sa tawiran.




Kung walang traffic light sa tawiran, malinaw na ipakita ang iyong intensyong tumawid sa pamamagitan ng pagtaas ng iyong kamay atbp.



Huwag tumawid nang patagilid.

Sundin ang traffic light.




Huwag tumakbo palabas sa kalsada.



Mag-ingat na huwag masangkot sa aksidente sa intersection.

Dahil dumadaan sa kaliwa ng kalsada ang mga sasakyan sa Japan, kailangan ng partikular na pag-iingat sa mga sasakyang lumiliko pakaliwa.




Lalo na para sa mga malalaking sasakyan tulad ng mga truck atbp, mag-ingat sa mga blind spot sa turning radius differential.

Turning radius differential?

Tinatawag na "turning radius differential" ang mas malaking espasyong kinakailangan ng gulong sa likod kaysa sa gulong sa harapan kapag lumiliko ang sasakyan.

Nakasulat din sa "Mga kailangang pag-ingatan sa lugar ng trabaho" ang mga detalye tungkol sa turning radius differential kaya sumangguni dito.

**Mga kailangang pag-ingatan habang papunta sa trabaho (bisikleta)**



Isaulo rin ang mga batas trapiko habang papunta sa trabaho nang nakabisikleta.

Sa Japan, tinuturing ang bisikleta bilang isang uri ng sasakyan.

Manatili sa kalsada sa prinsipyo. Dumaan lamang sa bangketa bilang eksepsyon.



Dahil dito, kailangang dumaan ang bisikleta sa kaliwa ng kalsada tulad ng sasakyan.

Bilang eksepsyon, mayroon ding bangketa kung saan maaaring dumaan ang bisikleta.



Hmmm... maaari rin palang dumaan ang bisikleta sa mga bangketa mayroong ganitong palatandaan.

Sa ganoong kaso, mangyaring alalahaning bigyan ng prioridad ang mga taong naglalakad!



Kailangan palang bagalan ang takbo sa gilid ng kalsada.


**Alituntunin para sa kaligtasan habang nakasakay ng bisikleta**



Bawal sumakay ang 2 tao



Bawal sumakay nang may hawak na payong




Bawal sumakay nang magkatabi



Kailangang buksan ang ilaw sa gabi




Bawal sumakay nang nakainom



Huminto sa intersection at tiyakin ang kaligtasan



Huwag gamitin ang cellphone habang naglalakbay



Habang tumatawid sa tawiran, bumababa sa bisikleta at maglakad habang tinutulak ito (maliban kung walang panganib na makaharag sa dinaraan ng mga taong naglalakad)

\*Ang bisikleta ay isang uri ng sasakyan, at marami pang iba't ibang alituntunin maliban sa mga ito.

# Mga tip para sa ligtas na pagmamaneho ng bisikleta




Tingnan natin ang mga tip para sa ligtas na pagmamaneho

## Mag-ingat sa sobrang bilis ng pagtakbo kapag pababa ng burol.



Maraming mga burol sa Japan kaya mag-ingat!

## Mag-ingat sa madulas na manhole kapag maulan.



Madulas ang mga manhole kapag maulan, ano?



## Regular na inspeksyon ng bisikleta

**Manibela**  
Nakapirmi ba ito nang right angle sa gulong sa harap?

**Preno**  
Gumagana ba nang maayos ang mga preno sa gulong sa harap at likod?

**Front light (ilaw)**  
Maliwanag ba ang pag-ilaw nito?

**Gulong**  
Sapat ba ang hangin sa loob ng gulong? Hindi ba manipis ang gulong?

Bukod dito, mas panatag ang loob kung regular na iinspeksyunin ang bisikleta.

**Saddle**  
Umuuga ba ito? Tama ba ang taas nito upang makatapak ang iyong mga paa sa lupa?

**Reflector**  
Mayroon ba itong reflector, malinis ba ito at madaling makita?

**Kadena**  
Hindi ba ito masyadong maluwag?

**Pedal**  
Hindi ba ito baluktot at madulas?

**Iba pang piyesa**  
Maayos bang nakalagay ang mga ito?

Ano ang mga iba pang kailangang pag-ingatan sa bisikleta?

Ano nga ba...



Kamakailan, dumarami ang mga aksidente sa bisikleta habang nagde-deliver.

Ganun ba...

Naiisip nila sigurong kailangan magmadali para agad ma-deliver.

Ang pagmamadali ay sanhi ng aksidente.

Kahit na busy, importante pa ring maayos isagawa ang pagtitiyak sa kaligtasan.

**Mga kailangang pag-ingatan habang papunta sa trabaho (kotse, motorsiklo)**

Tingnan natin ang tungkol sa mga kotse at motorsiklo.



Una sa lahat, ipapaliwanag ko ang tungkol sa lisensya.

Kailangan ang alinman sa mga sumusunod na lisensya upang makapagmaneho sa Japan.

**Mga lisensya na nagbibigay ng karapatang magmaneho sa Japan**

**• Lisensya ng Japan**



\*Kabilang kung pinalit sa driver's license ng Japan ang driver's license na nakuha sa ibang bansa.

- **Ayon sa Geneva Convention International driver's license**
- **Driver's license ng ibang bansa (Lisensyang may naka-attach na salin sa Japanese)**

\*Sa kasalukuyan, para lamang sa Swiss Confederation, Federal Republic of Germany, French Republic, Kingdom of Belgium, Principality of Monaco, at Taiwan.

**Panahong maaaring magmaneho sa Japan**

Nasa loob ng panahon ng pagkabisa.

**Panahong maaaring magmaneho sa Japan**

1 taon mula nang dumating sa Japan o panahon ng pagkabisa ng lisensya, alinman ang mas maikli.

**Batas trapiko ng Japan**


Alamin din nang mabuti ang batas trapiko.



**Sa tawiran, may prioridad ang mga taong naglalakad.**



**Bawal dumaan kapag pula ang traffic light.**



**Sa kaliwa ang daloy ng trapiko.**



**Bawal gumamit ng cellphone atbp.**



Maraming aksidenteng nangyayari dahil nasa smartphone o car navigation ang atensyon ng driver.

Kapag tumatakbo nang 60 kph, umaabante nang 33.3 m sa loob ng 2 segundo.




Kapag may taong tumawid sa loob ng 2 segundong iyon, magkaka-aksidente 'di ba?

Mapanganib nga ang "distracted driving."

**Alituntunin upang maiwasan ang aksidente**

Isaulo rin ang mga alituntunin upang maiwasan ang mga banggaang aksidente.



Siguraduhing huminto sa mga lugar na mayroong stop sign.

Kailangang mag-ingat dahil naiiba ang stop sign sa Japan kaysa sa international standard.



**Kaalamang kailangang isaulo upang maiwasan ang aksidente**

Laging isaisip ang "defensive driving"

Importanteng laging magmaneho habang antimanong inaalam ang mga panganib upang maiwasan ang aksidente, at isipin na "Baka mangyayari ang XXXX."

Maaaring mayroong taong lumabas mula sa gilid ng sasakyan.



Maaaring biglaang magpreno ang sasakyan sa harapan.



Huminto ang sasakyan sa harapan habang lumiliko ka pakanan, ngunit maaaring may motorsiklong diretsong palapit sa iyo mula sa gilid.





# Mga tip para sa ligtas na pagmamaneho ng kotse at motorsiklo

Upang hindi mangyari ang aksidente  
Tingnan din natin ang iba pang kailangang pag-ingatan.



# Mga kailangang pag-ingatan sa lugar ng trabaho



Napakahalagang mag-ingat sa mga truck na nasa paligid habang nasa lugar ng trabaho.

Maraming mga blind spot ang mga malalaking sasakyan tulad ng truck atbp. Mag-ingat upang hindi pumasok sa blind spot habang dinidirekta ang trapiko o nasa lugar ng konstruksyon atbp.

## Blind spot ng truck

Ang kanang-pahilis sa likod at ang kaliwang-pahilis sa likod ng driver ay madalas maging blind spot.

Ang likuran ng sasakyan ay isang ganap na blind spot.




Para sa mga matataas na sasakyan, blind spot ang mismong harapan ng driver.

## Turning radius differential ng truck

Tinatawag na "turning radius differential" ang mas malaking espasyong kinakailangan ng gulong sa likod kaysa sa gulong sa harapan kapag lumiliko ang sasakyan.

Malaki ang turning radius differential lalo na sa mga malalaking sasakyan.

Mag-ingat dahil kahit na naiisip mong sapat ang iyong layo, maaari ka pa ring mahagip.



Mahahagip kahit na malayo!

Kapag tinitiyak ang kaligtasan, tiyakin hindi lamang ang iyong harapan kundi pati na rin ang likuran, kanan, at kaliwa!



Huwag ding kaligtaan ang komunikasyon habang nagmamaneho!




Mag-ingat na huwag madulas habang nagmamaneho nang masama ang panahon!



Mag-ingat sa ulan, snow, pagyeyelo, hamog, malakas na hangin, atbp.

Sa mga residential area at makikitid na daan, magmaneho nang dahan-dahan at magbigay ng konsiderasyon sa mga taong naglalakad/nakabisikleta!



Kailangang maging ligtas sa pagmamaneho upang hindi maging pasimuno ng aksidente

## Kapag naging pasimuno ka ng aksidente...

Nakuuu... Ayoko niyan...

### Parusang kriminal



May posibilidad ng parusang kriminal tulad ng bayad-pinsala, multa, at pagkakulong atbp.

### Disciplinary action at pagkatanggal sa trabaho



Ayon sa tuntunin ng kumpanya, maaaring mabigyan ng disciplinary action o matanggal sa trabaho.

### Disbentaha sa lipunan



Maaari ring maisiwalat ang iyong pangalan sa ulat sa telebisyon. Nakatatawag ng pansin sa lipunan lalo na ang pagmamaneho nang nakainom.


# Mga punto sa pagtatrabaho sa paligid ng mga truck

Sa mga trabaho tulad ng guard para sa pagkontrol ng trapiko o truck driver aide,

madalas may mga blind spot at madalas ding magkaroon ng aksidente dahil sa biglaang paglabas sa daanan ng sasakyan at kakulangan ng pag-iingat.

Tingnan natin ang mga bagay na dapat pag-ingatan kapag nagtatrabaho sa paligid ng mga truck!


## Mag-ingat sa mga blind spot habang nagkakarga ng truck.



## Mag-ingat sa mga blind spot sa loob ng warehouse/pinagtatrabahuhan.



## Huwag pumasok sa blind spot ng driver.



Hindi madaling makita ng driver ang mga taong nakayukyok habang nagtatrabaho, kung kaya't mag-ingat din ang mga manggagawa. Bukod dito, magsuot ng damit atbp. na madaling mapansin.


## Mag-ingat na huwag ma-distract habang nagdidirekta.



## Huwag tumakbo palabas sa daanan.



## Kapag dadaan malapit sa sasakyan, tiyakin ang kaligtasan.



## Sundin ang alituntunin sa warehouse/area.






Naiintindihan ba?

Sa susunod, tingnan natin sa pamamagitan ng kwento ang mga kasong totoong nangyari.



# CASE 1





Kyaahh!!

Pa-



Pasensya na po!

!?



Puro bad luck talaga ako ngayong araw...!

Hah? Ulan?



Ah!

Ayun na ang worksite!



Biglang umulan!



Malapit na ako sa worksite! Bibilisan ko!



Pero may dala naman akong payong!



Buti na lang, aabot pa a-

Huh?



Nangyayari ang humigit-kumulang kalahati sa mga kamatayan dahil sa aksidente sa bisikleta sa loob ng 500 m mula sa tahanan.




**Mga kailangang pag-ingatan habang nagbibisiketa**

**Umalis nang maaga!**



Dahil nagdudulot ng mapanganib na pagbibisikleta ang pagmamadali, umalis nang maaga.

**Magbisikleta sa kaliwa ng kalsada!**



Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga lugar kung saan maaaring magbisikleta, maaaring maagap na maiwasan ang aksidente.

**Bilang pangkalahatang patakarán, bawal magbisikleta sa bangketa!**



Kapag magbibisikleta sa bangketa, bigyan ng priyoridad ang mga taong naglalakad sa iyong pagdaan.

**Bawal gumamit ng payong habang nagbibisikleta!**



Napakamapanganib ang paggamit ng payong dahil hinaharangan nito ang iyong paningin at mawawalan ka ng balanse!

**Magsuot ng helmet!**



56% ng mga namamatay dahil sa aksidente sa bisikleta ay dahil sa sugat sa ulo. (para sa taong 2020)




# CASE 2




Pero ayoko namang maglakad...

Mukhang basa lang naman ang daan at hindi nagyeyelo,

kaya siguro kaya naman!







Huh?

Mukha lang naman mabasa ang daan...

pero nagyeyelo pala ang ibabaw nito...

Sa aksidenteng ito, nasugatan ko ang ibang tao.

Ano kaya ang dapat kong ginawa...

## Mga kailangang pag-ingatan habang nagbibisiketa

**Huwag magsuot ng earphones!**



Mapanganib kapag nakasuot ng earphones dahil bumababa ang atensyon sa iyong paligid.  
\*Ipinagbabawal sa maraming mga prefecture ang pagsusuot ng earphones habang nagbibisiketa.

**Sundin ang mga sign!**



Siguraduhing huminto sa mga lugar na mayroong stop sign.

**Mahirap makakita sa gabi at kapag masama ang panahon!**



Mag-ingat sa pagbibisiketa sa gabi at kapag masama ang panahon dahil mahirap makita ang distansya at mga bagay.

**Sa tawiran, bumaba sa bisikleta at tumawid!**



Kapag tumatawid sa bahagi ng tawiran na para sa mga taong naglalakad, maglakad habang tinutalak ang bisikleta (maliban kung walang panganib na makaharang sa dinaraan ng mga taong naglalakad).


Mag-ingat sa pagyeyelo ng ibabaw ng daan lalo na kapag nagso-snow at kapag mababa ang temperatura.

Upang maprotektahan din ang biktima, kumuha ng bicycle liability insurance atbp.

Maaari ring maging pasimuno ng aksidente ang nakabisikleta...!







## Mga puntong kailangang pag-ingatan para sa work-related na injury sa trapiko




### 1 | Sundin ang batas trapiko




Huwag balewalain ang batas trapiko at huwag dumaan sa mapanganib na paraan.

### 2 | Mag-ingat sa blind spot ng truck



Mayroong blind spot sa mga sasakyan tulad ng truck atbp. Mag-ingat din sa turning radius differential kapag liliko pakaliwa.

### 3 | Sundin ang mga alituntunin sa pagbibisikleta




- Sundin lalo na ang mga sumusunod na alituntunin.
- Magbisikleta sa kalsada sa prinsipyo. (Dumaan lamang sa bangketa bilang eksepsyon).
  - Dumaan sa kaliwa ng kalsada.
  - Sa bangketa, bigyan prioridad ang mga taong naglalakad at bagalan ang takbo sa gilid ng kalsada. Siguraduhing huwag ipadama sa mga taong naglalakad ang panganib.

Upang mabawasan ang pinsala, importante ring magsuot ng helmet na pang-bisikleta upang maprotektahan ang ulo.

### 4 | May panganib na maging pasimuno ng aksidente



Depende sa sitwasyon, maaaring maging pasimuno ng aksidente habang nagbibisikleta o nagmamaneho ng sasakyan.



Ang work-related injury ay isang problemang malapit sa inyo. Hindi lang ito nangyayari sa ibang tao.

Ito ay isang bagay na nauugnay hindi lamang sa inyong buhay kundi pati na rin sa buhay ng ibang tao, kung kaya mangyaring isipin nang mabuti ang importansya ng batas trapiko.



Samakatuwid, kailangang mag-ingat hindi lamang habang nagbibiyaha papunta sa trabaho, kundi pati na rin sa mga panganib sa lugar ng trabaho.



OK!  
Gagalingan ko muli mula bukas!

Alamin sa Pagbasa ng Komiks  
**Pag-iiwas sa Work-related Injury sa Trapiko**

Inisyu Marso 2022  
Tagalathala: Ministry of Health, Labour, and Welfare  
Plano: Mizuho Research & Technologies, Ltd.  
Kooperasyon: Working Development ng Materyales para sa Safety Education  
Kaugnay sa Aksidente sa Trapiko  
Nilikha: Sideranch Inc.



Kapag may katanungan ukol sa materyal na ito  
Ministry of Health, Labour, and Welfare  
Labour Standards Bureau  
Safety and Health Department  
Safety Section